Katipunan

Volume 11
Issue 2 *Buhian*

Article 17

12-4-2023

# tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento

## you is trippin' if you still believe narratives are powerful

Benjo Gutierrez
*University of Santo Tomas*, benjogutierrezzzzz@gmail.com

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Gutierrez, Benjo (2023) "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento," *Katipunan*: Vol. 11: Iss. 2, Article 17.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss2/17

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

# tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento

*you is trippin' if you still believe narratives are powerful*

Benjo Gutierrez
University of Santo Tomas
benjogutierrezzzzzz@gmail.com

## Abstrak

Ang pagsusulat ay palaging paghahalughog ng sarili. Hindi matigil, hindi masagad. May natayang tradisyonal na henerikong anyo ng pag-aakda na inaaral sa mga pamantasan ng malikhaing pagsulat. Hindi ba ito puwedeng basagin? Dapat bang idikit sa ganitong pormula ang pasusulat ng maikling kuwento? Paano kung hindi akma ang materyal sa mismong proyektong inaakda sa pagsunod na tradisyonal nitong anyo? Dapat bang banggitin ang wakas sa dulo? O hindi dapat banggitin hanggang dulo? Ang kuwentong ito ay pagsubok ng manunulat na basagin ang kaniyang sariling paraan ng pagkukuwento at pag-aangkop ng materyal sa napiling estilo.

*Writing has always been a process of self-excavation. There's a certain standard of Creative Writing taught in universities where form, as well as aesthetic, is confined to say it's "okay" based on these standards. There's a traditional form to write short stories. As a product of an institution, I, as the writer, am conscious of it. Should we always subscribe to this traditional form of the short story? Shouldn't we divert from this traditional form, even if the writer's material is not aligned with this form? Should the denouement be seen always at the end of the short story? Should the writer wait and place the denouement at the end of the short story, so it is*

© Ateneo de Manila University

*earned? This short story is an attempt of the writer to stow away from his institutionalized way of storytelling learned from the university and writing workshops while trying to appropriate his material on the chosen style.*

## Mga Susing-salita

pandemya, mga larong mobile, Taguig, Hagonoy, maikling kuwento, katha

*pandemic, mobile games, Taguig, Hagonoy, short story, fiction*

## Tungkol sa May-akda

Si Benjo Gutierrez ay tubong Hagonoy, sa Taguig na nagmamaasim na imapa ang kaniyang pinagmulang barangay sa panitikan ng Pilipinas. Tumanggap siya ng parangal mula sa Carlos Palanca Awards for Literature para sa kaniyang maikling kuwento sa Filipino noong 2019. Naging writing fellow siya sa UST National Writers' Workshop noong 2019 at Palihang Rogelio Sicat 14. Mababasa ang kaniyang mga akda sa Pandemic Literature Project ng Polytechnic University of the Philippines, *DX Machina* 4 ng University of the Philippines, *The Reflective Practitioner* ng UP Manila, Agwat-Hilom ng CCP, *DAPITAN*, ang literary folio ng Faculty of Arts and Letters ng University of Santo Tomas, 7 Eyes Production, *Inquirer.net*, at *Rappler*. Sa ngayon, guro siya ng Filipino sa De La Salle University at Panitikan sa Unibersidad ng Santo Tomas.

## Naratibo sa Loob ng Naratibo: Ang Proseso ng Pag-aakda sa Maikling Kuwentong "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento"

Taong 2021, habang tinatapos ko ang tesis ko sa Malikhaing Pagsulat sa gradwadong paaralan ng Unibersidad ng Santo Tomas, nagkaroon ako ng maraming oras para magsulat ng mga malikhaing akda. Wala kasi akong trabaho no'n, na-lay off ako dahil sa pandemya. Walang pera, ultimo barya na pambiling yosi sa pitaka, bilang na bilang ko. Sa isip-isip ko, bakit hindi ko na lang igugol ang oras sa pagsusulat sa libreng oras? Tutal kasama rin naman 'to sa kahingian ng tesis, ang pagsulat ng minimum na sampung malikhaing akda lalo na kung katha ang piniling proyekto.

Noong binalikan ko ang mga nasulat na mga maikling kuwento sa nakalipas na dalawang taon, may napansin akong tipikal na pattern: ipakikilala ko ang mga karakter, tapos magmumundo o sa ginagalawan nilang espasyo sa kuwento, tapos ipaliliwanag ko ang elemento ng kagila-gilalas, magkakaroon ng problema sa ang bidang karakter, susubukin niyang solusyunan ito sa abot ng makakaya niya sa ginagalawang mundo. Tapos nito, magkakaroon ng solusyon o hindi solusyon sa problema at magtatapos depende sa ginawang aksiyon ng bidang karakter. Klaro ang simula, ang gitna, at wakas ng maikling kuwento. Ganito rin ang turo sa mga paaralan ng malikhaing pagsulat at sa mga workshop na napuntahan ko, na dapat, present ang mga bahaging nabanggit. Dapat din ay earned ang ending. Hindi pilit. Hindi porke gusto ng manunulat na gawing ganoon ang mangyari, mangyayari na sa kuwento. Ang ending ng kuwento ang magtatakda kung gaano kalakas ang kabuoan ng kuwento. Halos lahat ng nabasa kong mga kuwento noong binabagtas ko ang tradisyon ko sa pagsusulat ng maikling kuwento, klaro ang mga parte at napansin ko iyon bilang mambabasa. Kaya rin siguro ganoon ang anyo ng mga nasulat ko, subconsciously, naidiin na sa aking ganoon ang henerikong anyo ng pagkukuwento.

Naalala ko 'yung isang bahagi ng kuwentong "I, Transgress" ni Norman Wilwayco, kung saan ang bidang lalaki ay sumangguni sa mga Kanonista para magkuwento at mabawasan ang tumutubong bulbol niya sa noo pero hindi ang mismong kuwento kung hindi ang paraan at estilo ng bidang si Tony ang pinansin ng mga Kanonista sa dalawang oras na pagpupulong nila. Sinabihan ng mga Kanonista si Tony na mali ang paraan niya ng pagkukuwento, na dapat daw kapag nagkukuwento ay mula umpisa hanggang huli. Hindi raw puwedeng magsimula sa gitna (Wilwayco 191).

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Noong sinimulan kong isulat ang akdang "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento," sinubukan kong baklasin ang henerikong anyo ng pagsusulat ng maikling kuwento sa pagsisimula sa wakas ng kuwento. Isa rin ito sa naisip kong solusyon kung paano hindi magiging magkakamukha ang binubuo kong koleksiyon. Hindi naman ito maituturing na paghamon sa henerikong anyo ng pagsusulat ng maikling kuwento ng mga nauna, kung hindi paghamon sa henerikong anyo ko pagkukuwento bilang manunulat. Gusto ko ring tingnan kung hanggang saan ko kayang dalhin ang kuwentong sinimulan sa wakas. Naghanap ako ng posibleng paraan ng pagkukuwentong malay na agad ang mambabasa o tagapakinig sa wakas nito.

Isa sa mga napanood ko ay ang Netflix Special ni Dave Chappelle na *Equanimity*. Sa kaniyang nabanggit na Special, tinalakay ni Chappelle ang isa niyang proseso sa pagsusulat ng mga jokes kung saan binanggit niya agad ang punchline ilang minuto lang matapos magsimula ng kaniyang special (2:35-8:44). Ipinaliwanag niya ang kaniyang naging proseso sa pagsusulat ng punchline sa kaniyang special (na sa panulat ay itinuturing na wakas ng kuwento) sa paglalagay ng maraming papel ng punchlines sa loob ng isang fishbowl at saka bubunutin at iisip ng paraan para humantong sa nabunot na punchline ang naratibo ng kaniyang piyesa.

Matapos banggitin ang punchline, akala ko bilang manonood na doon na tatapusin ni Chapelle ang materyal ng naratibo. Nagtuloy-tuloy siya sa pagbanggit ng kaniyang politikal na opinyon kay Donald Trump hanggang humantong sa tema ng racism. Halos apatnapu't limang minuto ring nagtanghal si Chapelle matapos iwanan ang punchline pero hindi ko inasahan bilang manonood na babalikan niya ang ginamit na punchline at nagkaroon pa rin ito ng bigat sa ibang naratibo.

Nagkukuwento si Chappelle habang nagkukuwento ng ibang bagay. Isa ito sa magandang katangian ng midyum na stand-up comedy, na puwede kang magkuwento nang magkuwento at sa dulo, maaaring magbigay pa rin ng atensiyon sa pag-aakda ng mismong naratibo at materyal.

Matapos noon, sinubukan ko ang proseso ni Chappelle. Nagsulat ako ng maraming pangwakas sa kuwento at nag-isip pabalik. Dapat humantong sa nabunot kong wakas ang isusulat ko. Nagsilbi itong writing prompt, ehersisyo ng utak. Dumating sa akin ang maraming posibilidad. Mas lumikot ang imahinasyon ko at nakatulong ito nang lubusan sa pagsusulat ko ng inaakdang maikling kuwento. Sinubukan kong iakma sa materyal na mundo ko ang nilalaman ng kuwentong inaakda noong panahong iyon, na mababakas sa naisulat na maikling kuwento.

Ilang buwan na ang nakalipas, inupload ng FlipTop Battle League ang laban ni alyas GL at alyas Sayadd, na kapwa mga battle emcees sa Pilipinas. Maikokonsiderang parte ng New School ng FlipTop si GL dahil wala pa siyang tatlong taon sa liga habang si Sayadd naman ay isa sa mga unang battle emcees. Inaabangan ang battle na ito dahil may sariling estilo ang dalawang emcees. Pero magpopokus lang ako sa materyal ni GL.

May tatlong rounds na may tigdalawang minuto ang bawat emcee para itanghal kani-kanilang mga naisulat na piyesa (kung may naihanda man sila). Sa unang round ni GL, sa kaniyang panimulang mga sandali, sinabi niya agad ang punchline na "You're screwed" (7:19-7:27) at binanggit niya itong muli bilang ender (na pangwakas kung usapang panulat) sa 10:01 hanggang 10:05 time stamp ng video. Naulit pa ito sa kaniyang ikalawang round na may ender na "Sumabay sa current." Sa kaniyang ikatlong round, pinagsama niya ang ender sa una at pangalawang round.

Sa pagitan ng opener at ender ni GL, itinanghal niya ang kaniyang ibang mga bara patungkol kay Sayadd. Kabilang na rito ang kaniyang pagiging mediocre na rapper, wordplay sa pangalan, at mga nakaraang perfromances. May isang judge pa nga na nagsabing "mala-Dave Chappelle" ang ginawang estilo ni GL sa laban nila ni Sayadd dahil sa porma at pagkatha.

Nabasa ko ilang buwan na ang nakalipas ang maikling kuwentong "Balik-Was" ni MJ Rafal sa Likhaan Journal. Sa unang dalawang talata pa lang ng kuwento, tahasang sinabi niya agad ang wakas nito:

GUSTO NA KITANG pangunahan.

> Matatapos ang kuwentong ito sa hindi kaaya-ayang paraan. Isang katapusang malagim pa sa malagim—isang karaniwang eksena ng mga pangyayari sa kasalukuyang apokaliptikong pag-iral. Dahil ano pa nga ba ang mas malagim at kahindik-hindik sa pagiging karaniwan? Ang maiwan sa kasaysayan ng mga walang iniukit (o hindi iniukit) sa kasaysayan, malalabong lupon ng mga (laging) ekstra sa pelikula, mga uldok sa dulo ng larawan, mga alikabok sa kuwarto ng paglimot. At bakit ko ito sinasabi sa iyo (ang katapusan) gayong nagsisimula pa lamang tayo, nasa harap pa lamang tayo ng tarangkahan, nitong kathang iisipin kong babasahin mo, at alam kong binabasa mo na ngayon, na papasukin mo at papaloob sa lahat ng sulok at himutok nitong nakatindig na mansiyon ng aking pagkatha—dito nagsisimula (at natatapos) ang ninanais kong katapusan (at simula) ng lahat ng naririto sa pahina. (17-18)

Tulad ng ginawa ni GL sa FlipTop at Chappelle sa kaniyang Netflix Special, sinadyang banggitin ni Rafal ang magiging wakas ng kaniyang materyal. Sa pagitan ng kani-kanilang pagsasabi ng wakas hanggang tumungo

sa mismong wakas ng mga materyal, nilibang at niligoy nila ang kani-kanilang manonood at mambabasa para mas maidiin ang inaasam na wakas. Parang tinapay sa magkabilang panig ng burger. Mas naging malinamnam ang materyal dahil sa palamang naratibo sa nais itampok.

Noong nakaraang pandemya, may masamang balita akong natanggap mula sa kinakapatid ko sa Hagonoy, Taguig na si Ping. Sabi niya, nahuli raw ng pulis ang erpats niya. Nahulihan daw ng shabu sa loob ng aparador na may kasamang baril. Sabi ni Ping, hindi raw 'yon posible. Paano raw mangyayari 'yon, e, aparador niya ang binuksan at hindi ng erpats niya? Isa pa, kinuhanan niya ng damit pamasok sa trabaho ang aparador at wala siyang nakitang baril at bato. May video na inupload ang mga pulis noong hinahanap ang item at baril. Kuha ito noong bago sila umakyat sa bahay hanggang nakita sa aparador ang mga nasamsam. Pero may problema, wala sa video ang pagbubukas ng aparador. May cut sa gitna ng pag-akyat at matapos ang ilang sandali, lumundag na sa pagvivideo ng bukas na aparador ni Ping na may baril at ipinagbabawal na gamot.

Ikinulong ang tatay ni Ping pero hinala niya, itinanim ang mga nakuha sa aparador niya. Nagpost sila nang nagpost sa Facebook, humihingi sila ng hustisya sa hindi makatotohanang pagkakakulong ng tatay niya. Pero ang mga pulis, lalo silang pinag-initan. Noong panahon ng pandemya, palagi silang iniikutan ng police mobile, binabagalan din kapag natatapat sa harap ng bahay nina Ping. Doon na sila nagsimulang matakot. Hindi nila alam kung hanggang kailan ang pandemya noong 2021 kaya hindi magandang makipag-alitan sa mga pulis na nakatambay palagi sa mga checkpoint malapit sa Hagonoy.

Ilang buwan sa piitan, binawian na rin ng buhay ang tatay ni Ping sa loob. Inatake raw sa puso, sabi ng mga pulis. Mataas ang cholesterol at high blood ang tatay ni Ping pero hindi nila sigurado kung nabibigyan ng gamot sa loob para inumin.

Pumunta ako sa huling lamay ng erpats ni Ping para magsabi ng pakikiramay. Iyak nang iyak ang nanay nila, namatay raw ang asawa niyang wala sila sa tabi. Nakausap ko si Ping na nakatambay sa labas pero wala siyang binabanggit tungkol sa naging kalagayan ng tatay niya sa loob o sa sama niya ng loob sa mga pulis. Sinasabi niya na lang na ganoon talaga ang buhay, na nauna lang ang erpats niya. Nakangiti siya noon, na parang bang pinapagaan ang loob. Na parang ang sarili ang kausap at hindi ako. Nakatitig lang ako sa kaniya habang nagsasalita, sa loob-loob ko, parang winawasak siguro ang pakiramdam ni Ping ngayon kahit pinipilit ngumiti. Natigilan siya sa pagsasalita nang may dumaan sa harapan naming pula at asul na ilaw. Sinundan niya lang ng tingin ang dumaang sasakyan habang nanlilisik ang mga mata.

Sa aking pagsusulat ng akdang "tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento," sinubok kong ipasok ang estilong ginamit ni Chappelle na nakita ko rin sa materyal nina GL at Rafal: ang naratibo sa loob ng isa pang naratibo, ang kuwento sa loob ng kuwento. Sinubukan kong ipasok ang aking materyal sa estilong napili sa pamamagitan ng pagiging tapat sa gustong gawing proyekto.

Sinubukan kong ikuwento ang barangay namin sa Hagonoy noong panahon ng pandemya, kung paano sila naaaning kapag may mga pulis, at kung ano ang persepsiyon ko sa kanila bilang bahagi ng barangay.

Ang pag-aakda sa kuwentong ito ay pagbasag din sa personal kong paraan ng pagkukuwento, kasama na ang tradisyonal na henerikong anyo ng mga kuwentong nabasa ko habang nagbababad tukuyin ang aking tradisyong sinusundan.

Sa pag-aakda ng maikling kuwentong naisulat ko, napagtanto ko ang kapangyarihan ng naratibo: maaari itong tumawid sa iba't ibang midyum tulad ng battle rap, stand-up comedy, at panitikan. Mapagpalaya ang pag-aakdang ito para sa aking personal na danas sa pagsusulat dahil ipinabatid nitong may kakayahan ako bilang umaakda na basagin ang aking sarili at tingnan ang mga butil nito upang muling tipunin at bumuo ulit ng bagong materyal.

## Mga Sanggunian


Equanimity. Idinirehe ni Stan Lathan, itinanghal ni Dave Chappelle, 2017, *Netflix*, https://www.netflix .com/watch/80171759.

"FlipTop - Sayadd vs GL." *YouTube*, inupload ng fliptopbattles, 2 Nobyembre 2022, https://www.youtube.com/watch?v=bGOxyj9Iwy8.

Rafal, Mark Joseph. "Balik-Was." *Likhaan Journal of Contemporary Literature*, tomo 15 , blg. 1, 2022, pp. 17–25.

Wilwayco, Norman. *Rekta*. Plataporma, 2014.


 © Ateneo de Manila University

## tanga ka na lang kung naniniwala ka pa sa kapangyarihan ng kuwento

Bago tayo magsimula, gusto ko lang sabihin ang wakas: may gustong maglagari ng titi sa dulo ng kuwentong ito. Titi, oo. Kung ayaw mo no'n, burat, sige. Puwede ring Tarub. Kung ayaw mo pa rin, buto. Kung ayaw mo pa rin, bahala ka na sa buhay mo. Basta ayun na 'yon.

Wala nang mahabang intro, Tol. Papangunahan na kitang mambabasa ka—ikaw na nakatanghod sa kung paano ko tinimpla ang pangungusap na ito. Ikaw na nakakuba at taimtim na pinapatay ang oras sa anumang dahilan sa pagbabasa nito. Ikaw na may mapungay na mga mata, na hanggang ngayon, binabasa pa rin 'tong hayop na akdang ito. Page one pa lang, malalaman mo na ang tatakbuhin ng kuwento. Goods, 'di ba?

Sinabi ko na agad ang ending ng akda para goods tayo pare-pareho't magawa pa ang mga shit natin sa buhay tulad ng paghuhugas ng pinggan, paglalaba, pagba-bike, pagtunganga, at kung ano pang shit mo sa buhay. Pinangunahan na kita para hindi na tayo magsayangan ng oras. Baka kasi mamaya pinapapaspas lang sa 'yong basahin 'tong hayop na akdang 'to para sa iskul requirement (na malabo, taena) at wala ka naman talagang interes basahin ito. O baka naman tamang trip ka lang na pabilisin ang kamay ng relo ala-David Blaine at saktong pagbuklat mo ng koleksiyong 'to, tiyempong dito ang buklat mo. O baka napulot mo lang 'to sa jeep habang nabiyahe ka papasok tas binabasa mo ngayong breaktime mo sa trabaho o sa iskul. Iyon na iyon. Wala nang masyadong maraming tse-tse buretse o kung ano pa. Paspasan lang tayo.

Basta, Tol, tandaan mo: kahit anong mangyari sa kuwentong 'to, kahit ilang tauhan ang lumabas, kahit saang tagpuan pa sila makarating, o kahit anong suliranin pa ang kaharapin nila sa pag-usad ng kuwento, ang siste sa dulo, may susubok na maglagari ng ari ng lalaki.

O, tutal andito ka na rin lang, ito na.

May tropa ako sa Hagonoy, Tol, si Kenneth. Kenneth Durende. Payat, may tattoo na baybayin sa kanang bisig: pangalan ng mga anak niyang si Kassandra at si Kurt. Mayroong siyang motor na Honda Beat na tinanggal ang mag-sticker. "Mata," kung tawagin siya sa hood. Malaki kasi ang mata ng hayop. Uso kasi mga palayaw sa amin, Tol. Mayroong may alyas ng Daga, Bakal, Insekto, Utak, Komang, Bawang, at kung ano-ano pang shit. Taena, hindi ko nga mawari kung bakit, pero uso pa rin sa amin ang ganoong palayaw. Isipin mo, Tol, ang pagpapangalan sa isang bagay ang nagbibigay ng pagkakakilanlan

niya. Tama naman. Pero sa amin sa Hagonoy, puwera sa pangalan, ginawan ka pa ng palayaw na hindi mo alam kung paano at saan hinugot. Putang-ina, Bakal? Sinong gago magpapalayaw noon sa tao? Paano 'yon kapag kailangan siyang operahan, at halimbawa lang, nawalan ng sinulid sasabihin na lang ba niyang "Doc, hinangin mo na lang 'yong tagiliran ko"?

Ewan ko ba sa mga taga sa amin, pucha may pangalan naman 'yong tao. Isipin mo si Kenneth, tawag Mata? Sobrang tamad ng mga tao sa aming mangabisa ng pangalan, tinanangan na lang ang mga nilalang base sa kung anong nakikita sa panlabas na kaanyuan. Mata amputa. Pero lintik din kasi ang mata ni Kenneth. Sa sobrang laki, puwera biro, e 200 degrees daw ang peripheral vision. Tuwing liga raw kasi, grabe mga ginagawang pasa. Parang Magic Johnson na mas maliit ng limang pulgada ang tite. Lintik na nga mamasa ng bola, may shooting pa sa labas at kahit payat, nangangatawan din sa loob. Kaya nga kahit malaki ang mata, marami pa ring nagiging chix si Kenneth lalo na kapag panahon na ng liga. Minsan mas marami pang tumitili para kay Kenneth kesa sa dami ng puntos ng kalaban nila sa buong laro. Hindi man nakahabol sa haba ng burat kay Magic Johnson, makakahabol naman sa dami ng nadali.

Isang araw pagkatapos ng championship game ng liga, nagpakain 'yong manager nila. Siyempre, panlimang championship na nila 'to sa magkakasunod na liga. Binuhusan ng mga pagkain ang mahabang lamesang inilatag: litson, Jollibee, pizza, at litro-litrong Coke. Sabi no'ng manager, kahit sino raw puwedeng kumain. Parang naging pista tuloy ni San Miguel ang nangyari. Siyempre, libre, nakikain ako. Wala naman akong pambiling pizza no'n, at di araw-araw may libreng Coke.

"Boss Eds, dami naman nito! Parang pista ni San Miguel, a!" sabi ko sa manager nila.

"Kain lang nang kain," sabi niya "parang pista talaga kasi na naipanalo namin 'yong championship," sagot niya.

Ako naman, kain lang. Wala naman talaga akong paki kung nadefend nila 'yon. Gusto ko lang kumain ng masarap. Sa kahabaan lang din ng Hagonoy kami tsumibog, katabi ng ginagawang bahay ni Aling Mameng, matandang dalagang tirador ng mga mas bata sa kanya sa Hagonoy. Mapera kaya may kumakagat din talaga. Hindi pasok bilang sugar mommy; sugar granny, puwede pa. Putang-ina, laptrip nga e, nakikain na rin 'yong mga construction worker kahit di naman nila kami kakilala. Basta niyaya lang namin, tapos kapag tinanong sila, sabihin nila taga-Mercado sila. 'Yong isang trabahador tarantado, minamartilyo 'yong pizza. Thin crust daw ang gusto niya. Nagkalat lang din kasi ang mga gamit nila ro'n tapos tinamaan sila ng tamang trip. 'Yong

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

isa minamaso ‘yong buto ng fried chicken para raw mapulbo, papagulungin niya raw mamaya.

Maya-maya dinapuan na kami ng katahimikan. ‘Yong iba nakatulala, food coma yata. Habang ‘yong iba, tahimik na nagyoyosi habang nakatingin sa malayo at nakapatong ang laylayan ng itinaas na T-shirt sa tiyang mala-bola na dinribol ni Mata kanina. Kaya biruan namin ng katabi ko nung napansin naming tahimik ang lahat matapos tsumibog, huwag nang gamitin ‘yong may dumaan na anghel. Gamitin na lang ‘yong nanlibre si Boss Eds. “O, natahimik yata kayo. Parang nanlibre si Boss Eds, a.”

Pero parang bahay na niraid ng silup, nabasag din ang trip ng mga taga-sa-amin nung sinabi ni Boss Eds na nagpaorder na siya ng alak. Hiyawan ang mga walanghiya. Mas malakas pa ang sigaw kesa noong nagchampion sina Mata kanina. Buti raw nag-imbak sila para masagad nila ang alak. Bali-balitang mas marami pa sa mga San Miguel beer na dinala ni Erap sa Mindanao nung sumubok siyang magpeace talks ang inorder ni Boss Eds. Shur pa sa shur, Hagonoy Resort ang dating ng barangay namin kapag nagpaambon na si San Miguel. Tang-ina, ‘ka ko, mapapalaban yata ‘ko. Sinipat ko si Kenneth, ang Finals MVP ng liga na kinakausap ang anak ni Boss Eds sa malayo. Maputi ang dalaga, seksi, ekalam osus, tsinita rin. Di na nakakapagtaka, maputi rin kasi si Boss Eds. Dati rin kasing PBA player na nakaipon kaya kutis-mayaman ang mga anak. Nakabraces pa nga ‘tong anak niyang bitbit na mukhang type din si Mata sa kung paano siya tingnan.

Nag-ala-korte ang Hagonoy sa dami ng case na dumating. Malasing o hindi, pucha hindi ka na olats. Wala ka namang nilabas na kahit ano pero nakalibre kang alak at puds. Kumbaga, lagari: nakakain ka na, nalasing ka pa. Pero hindi lang kami ang lagari, pati na rin ‘tong si Mata. Champion na, MVP pa, at mukhang dadalihin pa ng putang-ina ang anak ng Boss Eds.

Pumasok sila sa ginagawang bahay ni Aling Mameng. Suot pa ni Mata ‘yong medal niya. Kinasabwat ng tarantado ang mga construction worker. Sige lang daw, sabi nila, tulog naman daw ang matanda. Dumiretso na lang daw sila sa CR pero maalikabok daw don dahil may pinuputol silang plywood para sa kisame. Sabi ni Mata walang problema, off-court shooting naman daw ang gagawin niya saka hinapo raw siya kanina kaya ‘di siya maggagagalaw. Pumasok na sila sa CR, halikang umaatikabo agad ang dalawa.

“Ito talaga ang panalo ko,” sabi ni Mata.

“Talaga?” sagot ng anak ni manager sa pagitan ng mga laplap. Nasagi nila ang plywood na pinagpapatungan ng mga pako, lagari, at pangmetro.

“Itakip mo sa mata ‘yang medal mo,” sabi ng anak ni Boss Eds. Ginawa naman ni gago. Piniring ang puntas ng medalya niya sa sarili sabay labas ng burat.

“Shit,” halinghing ng dalaga habang nilalaro ang ari ni Mata. May pampadulas pang sawdust. ‘Di na ininda ni mata ang sakit, giyang na giyang na siya e.

“Teka,” sabi ng babae “Sisilipin ko lang ginagawa ni Daddy. Baka hanapin ako. Dito ka lang, ha? Ilabas mo lang ‘yan para pagdating ko, kakainin na lang,” bilin niya. Tamang jakol muna ‘tong si Mata, nilalaro sa isip kung paano niya lalaruin ang dalawang bola ng anak ni Boss Eds.

Wala pang isang minuto, may naramdaman siyang pumasok sa banyo. Sinunggaban agad ang burat niya. Sarap na sarap si Mata. Hindi niya alam na ganoon kagaling sa laro ang anak ni Boss Eds kahit atabs pa. Tuloy-tuloy ang pagchupa kay Mata, at nung malapit nang labasan si gago, inalis niya ang piring para tignan kung anong ginto ang nasungkit niya. Pagkaalis, habang tinitikman ang langit, napasigaw siya “Tang-ina ka, Aling Mameng!” Pumasok ang mga taga-Hagonoy sa bahay para tingnan kung anong nangyari. Putang-ina, kitang-kita nila na chinuchupa ni Aling Mameng si Mata. Sa galit, dinampot ni Mata ang lagari. At tinutok kay Aling Mameng. Napaatras ang matanda sa pagkakaluhod at napapikit. May sumirit na likido sa mukha niya: dugo mula sa nilagaring burat ni Mata.

Bang! Gano’n na ‘yon. Tapos sa anim na pahina. Tipid sa oras, lalo na kung wala ka naman talagang oras para magbasa at clouded ang utak mo ngayong pandemic. Madalas kasi, takas ang ganitong mga kuwento. Na normal. Na walang nakafacemask at face shield na karakter, e ‘no? Pero ‘yon nga e, takas na lang. Ang tanong, hanggang kelan naman? Ilang beses ko ‘yang tanong sa sarili ngayong higit isang taon na tayong nasa pandemya.

Alam mo ‘yon, Tol, parang may free will ka namang gawin ang mga shit mo, pero given a certain restriction. Pero sa kalayaang ‘yon, kasama ang pagbubusisi sa sarili. Kung sino ka ba talaga, kung ano ba talaga ang shit mo, at plano mo para bukas. Hirap alamin, lalo na’t kinabukasan, alam mong gano’n pa rin naman ang sistema. At araw-araw, parahas nang parahas ang paligid. May mag-inang binaril ng pulis dahil sa alitan, may babaeng namatay sa isang estasyon ng bus kakahintay na makauwi sa probinsiya, may isang dating militar na may PTSD na binaril ng kapwa militar, at isang tanod na bumaril ng isang 59-anyos na may kondisyon sa pag-iisip.

Naisip ko, Tol, ano bang saysay ng kuwento sa mga panahong ganito? Tang-ina, wala. Walang saysay sa harap ng bala at kamatayan sa panahon ng

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

pandemya. Kahit anong ganda ng kuwentong mabasa mo at bitbitin mo, balewala naman 'yon kung tinutukan ka at napagdesisyunang barilin bigla sa ulo ng kung sino man. Bang! Gano'n na 'yon.

Kaya simula no'n, Tol, di na 'ko naniniwala sa pagsusulat ng kuwento at kapangyarihan nito. Praktikalan lang, Tol, aanhin mo ang kuwento pag pinagtripan ka nang saksakin ng holdaper o barilin ng militar? Sasabihin mo bang "Teka muna, Tol, nabasa mo na si Rolando Tolentino? Si Ser Jun ba? Si Iwa? Pag-usapan muna natin, Tol, pahiramin kitang libro, mayroon ako rito." Putang-ina, baka hindi mo pa nababanggit si Ser Jun, sinaksak ka na sa buwisit dahil sa kung sino-sinong binubulalas mong hayop ka. Aanhin nila ang kuwento mo? Gutom din sila, kailangan ng pera. At anong gagawin ng mga kuwento't nabasa mo sa gitna ng kriminal at nakaunipormeng may baril?

Naalala ko tuloy 'yong pinsan kong si Ping. Nakatambay sila nila Glenn sa looban, pero imbes na alak ang pinapaikot e mga hinlalaki na lang kalalaro ng ML dahil may liquor ban noong season 1 ng ECQ last year. Apat sila no'n, batak na batak sa Mobile Legends. E siyempre, walang magawa e. Walang mga trabaho gawa nang sa Tokyo Tokyo sila nagtatrabahong apat ng mga tropa niya bilang crew. Wala na rin silang pera non, Tol, taena, sa araw-araw ba namang maglalabas ka ng pera walang pumapasok e. 'Yong iba nasunog din sa laklak dahil hindi naman nila inakalang tatagal nang ganito ang lockdown. Pero sabi nga nila, ayos lang magsunog ng atay, h'wag lang ng bato dahil walang magawa. Tinanggal din ang ring ng mga half court. Kumabaga ikaw na lang talaga hahanap ng paraan para may magawa bilang isang lehitimong tambay. Buti na lang may ML, may mapaglilibangan sina Ping at kahit papaano may mapagbubuntunan ng mga kamalasan nilang sinapit ngayong pandemya.

May mga gabing buwenas naman sila sa laro, mga treseng beses na panalo sa kinseng laro. Hindi na masama. Ang plano kasi nila, mapaabot sa Mythical Glory ang mga rank ng accounts sabay ibebenta sa mga tangang maglaro pero may pera na kakagat sa tigsasampung libong pisong account na kompleto na ang emblem sets pati mga skin. Kumbaga para kina Ping, Tol, ito na muna ang nakikita nilang pagkakakitaan. Ayos naman ang set-up e, wala rin namang ginagawa sa bahay kaya sabi ni Ping, bakit hindi na lang silang mag-ML nang otso oras. Araw-gabi, tumodo talaga sila. Madalas lima sila, kaso may raket 'yong isa nilang tropa kaya naghanap sila ng malapit at sakto, nakahanap naman.

Mahalaga kina Ping 'tong parating na laro. Inaalat sila e, nakasampung matches na pero tatlo pa lang naipanalo. Dis-oras na rin kasi ng gabi, tulog na 'yong mga marurunong maglaro na naka-WFH dahil siyempre, kahit nasa bahay, may pasok pa rin kinabukasan. Tamang invite lang sila sa kung sino pang gising, mayroon kasing 'Nearby' option sa laro na puwedeng humugot

ng kasama basta malapit lang. Last game na rin, pinapatay na rin kasi ng kapitbahay 'yong Wi-Fi kapag alas dos na. 1:45 na sa relo ni Glenn, kaya pa naman ng isang game na paspas. "Pucha, kailangan nating manalo rito, p're, may bibili na ng account ko bukas. Walong libo aabutin kung manalo tayo," sabi ni Ping. At sakto naman, may naaya sila: si Cardo666. "Putang-inang pangalan ito, pare, Cardo, baka magaling itong mamaril," biro ni Ping na nagpatawa sa mga kalaro.

"O, game, game! Mic on tayo para magkarinigan, taena, h'wag kang bobo Cardo666," panimulang trash talk ni Ping. "Bawal bobo rito sa Hagonoy!"

Nakabukas ang mic ni Cardo666 pero dehins niya sinagot ni Ping. Isa sigurong taong pinupuyat ang sarili para mabiso sa paulit-ulit na siklo ng pandemya. Mahirap tukuyin kung sino, pero shur pa sa shur, taga-hood din ito. "A, wala itong Cardo666, hindi sumasagot. Takot yata sa sa 'yo Ping," kantiyaw ni Glenn. Wala pa ring sagot si Cardo666. Nagpatuloy ang laro na hindi maayos ang galaw ni Cardo666. Kahit anong gawin nila Ping no'n, Tol, di nila mabuhat 'tong isang tangang 'to. "Putang-ina mo, Cardo, ayusin mo naman!" Yamot na yamot na sina Ping. Naisip niya kasi na mababalewala ang pagpupuyat, pagpapataas ng rank para mabenta ang account niya, at pakikiusap niyang maki-connect sa Wi-Fi nina Ka Tureng nang tatlong linggo kapag olats sila rito. Walang pinagbago ang galaw ni Cardo666 at hindi na gumagalaw sa base, parang nang-aasar pa.

Nag-type si Cardo666, *tga-san kyo*

*Tga Hagonoy kame, putang ena mo, 'wag kang pupunta ritong hayup ka, baka sapakin ko ulo mo gigil na type ni Ping.*

*San s hagony?* tanong ulit ni Cardo666.

Gigil na gigil pa rin si Ping, hindi na rin gumagalaw. Ginawang chatbox ang Mobile Legends. Pinaliguan niya na lang ng trashtalk ang kakamping bano:

*Baket, pupunta ka ba? Lika rito taena mo nang makaltukan kita nang live*

*Sulasok kang hayup k, napakabobbo m. May suman k cguro sa bulsa, bobo*

*hayup ka pag binugbog kita rito samen parang pagod na sumayaw na pancit canton mukha mo*

*taena mo*

*ano tra smin taena m*

*PAKYU*

Alas-dos na: papatayin na ang Wi-Fi ng kapitbahay, masama ang loob dahil talo sa rank game, at yamot pa si Ping dahil kailangan niya ulit pataasin ang rank ng account niya bago mabenta nang walong libo. Tang-ina, Tol, walong libo sana 'yon. Walong libong hinulma ng puyat at pambuburaot ng Wi-Fi, lunukan na ng hiya sa kapitbahay at pati sa bahay dahil imbes na rumaket, kumapit siya sa ML. "Malas, 'langya," binulong na lang niya.

Nagkayayaan nang pumasok pero nagpaiwan si Ping saglit sa labas. Chinachat niya ang bibili dapat ng account niya nang biglang may pumaradang police mobile sa labas ng bahay nila. Nagsipasukan ang mga tropa ni Ping dahil curfew na nga at wala pa silang suot mga facemask. Si Ping, marahang tumayo habang umiiling-iling na nagcha-chat sa buyer niya.

"Ba't nasa labas pa kayo?" tanong ng pulis kay Ping habang nakatingin sa cellphone niya.

"Papasok na rin po ser, nagpahangin lang po. Mahina po Wi-Fi sa loob," magalang na sagot niya.

"Curfew na a, wala pa kayong facemask," sabi ng pulis.

Tinaas ni Ping ang damit hanggang itaas ng ilong "Naubos na po, Ser e. Pero tagarito lang naman po kaming lahat ng mga kalaro ko," katuwiran niya.

"A, tagarito kayo?" tanong ng pulis kay Ping sabay kinawayan ang mga tropa niya, pinapalapit. "Halika nga kayo rito. Anong nilalaro ninyo?"

Nakatungong lumapit ang tatlong tropa ng pinsan ko, Tol, mga nakatakip din ng damit ang ilong. "ML po, Ser. Nagkatuwaan lang po, wala po kasi kaming magawa," katuwiran pa niya.

"Sino si Ping?" tanong ng pulis. Gulat na gulat 'yong pinsan ko pati mga katropa niya. Putang-ina paano ba naman kasi nalaman ng pulis pangalan ni Ping, e ambait-bait no'n.

"Ako po, Ser. Bakit po?"

"Kapkapan mo nga bulsa ko," utos ng pulis.

"Baket, Ser?"

"Basta kapkapan mo!" sigaw ng nakauniporme. Silipan ang mga kapitbahay, nagising sa narinig na ingay. Kinapkapan ni Ping 'yong pulis.

"May laman ba bulsa ko?"

“Opo, Ser,” kabadong sagot ni Ping.

“Anong laman?”

“Baril po, Ser.”

“Hindi ba suman?”

Sinikmuraan ng pulis ‘yong pinsan ko. Tinatawagan na ‘ko ng mga tropa, pinapupunta ako para sabihing tulungan ko raw si Ping kaso wala ako sa amin. Nasa Maynila ako noon, may tinatapos na maikling kuwentong ipapasa para sa isang subject ko sa graduate school. Tinatawagan nila ako nang paulit-ulit kaso naka-silent ang cellphone ko.  Alam kasi nilang may kakayahan akong umareglo e, lalo na’t nakapag-aral ng kolehiyo at nasa graduate school pa ngayon.

Pagkagising ko, nabasa ko na binaril daw sa panga si Ping at inihian pa raw ng pulis pagkaplakda. Wala raw pumalag, nagpulasan daw lahat ng tambay. Dumating ang mga ambulansiya, kinausap ang pulis at sinabing rumesponde raw sila mula sa checkpoint kung saan sila nakapuwesto nung may narinig silang putok. Baka raw droga, sabi ng pulis. Marami raw kasing adik sa Hagonoy. Walang nagawa mga kamag-anak ng pinsan ko kundi umiyak na lang. Hindi raw sila makapalag, dahil baka balikan sila’t hindi nila alam kung gaano pa kahaba ang pandemya. Nandoon pa naman daw lagi ‘yong mga pulis sa checkpoint. Nagluksa na lang daw sila nang walang karapatang humingi ng hustisya.

Kinabukasan pagkapasa ng papel, rumekta agad akong Hagonoy. Pumunta ‘kong barangay hall para icheck ang CCTV pero kinuha na raw ng mga pulis ang kopya at pinadelete. Buti na lang nakakuha ng kopya ‘yong kakilala kong bantay. Pinakita sa akin. Nakita ko ang ginawa kay Ping: sinikmuraan, pinutukan sa panga, at saka inilawit ang ari ng putang inang pulis para ihian ang katawan niya. At kung sakaling nandoon ako, Tol, lalapit ako sa akto ng pag-ihi ng pulis na ‘yon at lalagariin ko ang burat niya.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University